# BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 2 | 10.00 | OCTOBER 10 - 16, 2022


# BROTHERS FERRER: CONTINUING THE LEGACY OF EFFECTIVE LEADERSHIP AND GOOD GOVERNANCE

by DOMZ B. CAOILE



*Brothers Ferrer, from right, Cong. Ony and Mayor Jonjon with Vice Mayor Jonas Labuguen: GenTri City's Three Gentlemen*

As the year 2022 is about to come to an end, so let me express my sincerest thanks and appreciations you to Mayor Luis ' Jonjon' Ferrer IV, Congressman Ony Ferrer, and City Council presiding officer, Vice Mayor Jonas Labuguen and all councilors of the progressive City og General Trias, better known now as 'GenTri City.'

As a working journalist for more than 15 years, I am a witness, yes, a wirness to how the former municipality of GenTri grew to what it is now: dating kakumpol ng mga bayan ng General Mariano Trias, Carmona at Silang, Gentri is now an urban community -- rich, peaceful and livable place for everyone.

Former mayow now Cong. Ony said GenTri is now the fourty largest city in the province of Cavite.

"At patuloy itong lumalago bunga ng maraming businesses and investments na pumapasok sa aming lungsod," said Cong. Ony.

"Today, our population is more than 400 thousand sa dami ng kapwa nating Caviteno at taga-ibang lugar na mas pinili na dito na manirahan," said former congressman, now Mayor JonJon.

Iisa ang kahulugan nito: tunay na inalagaan nyo, Mayor Jonjon at Cong. Ony ang dakilang legacy ng inyong ninuno, si Gov. Luis O. Ferrer Sr (1919-1921) atd Gov. Luis Y, Ferrer Jr. (1941-1944).

You both, Mayor Jonjon and 6th Cavite District Cong. Ony take your passion for Gentrisenos seriously; you really love our kababayang Cavitenos, fellow Filipinos.

Brothers Ferrer and the City Council have sacrificed a lot in service of your beloved GenTri City.

I am a witness how you, as an individual public servant and as citizen and as a group of 'lingkod-bayan' have protected the residents of GenTri City: mula sa pagiging munisipalidad, ito ngayon ay isang maipagmamalaking siyudad ng Cavite!

You made GenTri a very progressive city.

All the city officials, all city employees have given this city a remarkable and inspiring achievement that is amazing, so wonderful.

Sa maraming pagbabago na ginawa at patuloy nyong ginagawa para sa mamamayang GenTrisenos ay hindi ko na babanggitin: your constituents know what have you accomplished, that is why in the past elections, not a single soul have the heart to challenge your leadership, in the city hall and in the hall of the House of Representatives.

The past 2022 elections was a testimony: you all won unchallenged!

And surely, come 2025 elections, no one would ever challenge your outstanding accomplishments.

I am a witness to the great impact of your good governance on topic of people's service during the pandemic: wala pa ang kalamidad, may nakahanda nang ayuda, hindi pa hinihingi, iniaabot na.

Your programs and project on housing, social services, education, health, land use, utilities, livelihood and business opportunities, infrastructure projects, social services, to name just a very few are a testament to your love for GenTrisenos.

What is amazing, you all listen, confer, meet, act on your people's wishes.

Your effective leadership and good governance is remarkable, awesome to say the least.

Thank you for the courage you have shown to resist the pressure to make decisions because of special interest or personal interest.

Let GenTri City always be a model for national collaboration, cooperation, civility and making good decisions.

Mayor Jonjon, Cong. Ony and Vice Mayor Jonas Glyn Porto Labuguen you are now well known as GenTri's Three Gentlemen!

With the healthy collaboration of GenTri's Board Members Morit Sison, Kerby Salazar and all city councilors Atty. Jesseboy Grepo, Jango Grepo, Claire Campana Moral, Kyle Salazar, Jay Columna, Gani Culanding, Jowie Carampot, Atty, Kristine Perdito Vivencio Lozares Jr., Richard Parin, Alfredo Ching and Hernando Granados, we believe GenTri City will surely become the business hub of the province of Cavite in the near future.

We, in this new paper BantayBalita will always support, cooperate and grateful to each of you, GenTri's amazing public servants.

# PBMM SIGNS SIM CARD REGISTRATION ACT

by Reden C. Lumabi



A law which intends to encourage responsibility in the use of Subscriber Identity Module (SIM) cards was signed Monday, Oct. 9 by President Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr.

The SIM Card Registration Act (SCRA) also supports law enforcement in their efforts to hunt down those responsible for crimes committed using phones.

In his Facebook (FB) post, the president said:

*Sundan sa p.2*

# SEC. REMULLA: I WILL NOT INTERVENE IN NOR INFLUENCE MY SON'S PREDICAMENT

ni Liza Fe Bonete

MULA sa dinadaluhang kumperensiyasa Geneva, Switzerland, sinabi ni Justice Secretary Jesus Crispin C. Remulla, Huwebes, Okt. 13 na hindi siya makikialam, hindi rin niya iimpluwensiyahan ang kasong hinaharap ng kanyang anak, Juanito Jose Diaz Remulla III na naaresto sa isang operasyon kontra ilegal na droga sa Las Pinas City.


Ito ang buong pahayag ni Sec.

*Sundan sa p.2*



SEC. BOYING REMULLA

# CONGRATULATIONS PO, MAYOR AA! -- IMUSENOS




*Sundan sa p.8*

# DIGONG DUTERTE: NO QUARREL WITH MARCOS

by Ed Genova Cuenca

PARTIDO Demokratiko Pilipino-Laban ng Bayan (PDP-Laban) president Rodrigo Duterte said he has no quarrel with the current administration.

Duterte, former president of the Philippines said: "I would like to make this thing very, very clear. We are not putting up a strong party against the party of the President (Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr.), we are not going to quarrel with him. Far from it."

Known for his monicker Tatay Digong, Duterte said after his reelection as PDP-Laban president that his party "willl be giving our full support for Marcos politically."

" He was elected by 31 million. I wish the President good luck and I hope he would govern this country in accordance to what is the mandate of the people's interest," Tatay Digong explained.

Duterte, however, said that he will not hesitate to speak up if he sees any wrongdoing against the people.

"'Pag may nakita tayong masama (If we see something wrong), we will raise our voice because that is the essence of our presence here," Duterte said.



# SEC. REMULLA: I WILL NOT INTERVENE IN NOR INFLUENCE MY SON'S PREDICAMENT

*from Front Page*

ni Liza Fe Bonete

Remulla na isinulat niya sa English:

"I am both a father and the Secretary of Justice, roles that I take very seriously. We all know about unconditional love, but at 38 years old, he (his son) will have to face his predicament as a fully emancipated child.

"I have to abide by the oath of office I took when I assumed this position.

"To make everything clear:

"I will not intervene in nor influence my son's predicament, and I have not done so in any way.

"A person should always face the consequences of their actions and I will let justice take its own course.

"I thank the PDEA (Philippine Drug Enforcement Agency) for doing their job without fear or favor. I have no conflict with them. This is a very difficult time for me and my family. But this is nothing compared to what so many Filipinos are going through.

"I will respect the justice system and I wish my son a path to redemption."

Remulla leads the Philippines' delegation in Geneva, Switzerland for the 51st Regular Session of the United Nations Human Rights Council Enhanced Interactive Dialogue on the Philippines.

He is expected to be back on Friday, Oct. 14.

# Ang Sisipag N'yo: Imus City Ordinance No. 04-140 planong amyendahan

ni Liza Fe Bonete

PINAG-USAPAN ng Sangguniang Panlungsod (SP) ng Imus City nitong Lunes, Oktubre 10, ang planong rebisahin ang City Ordinance No. 04-140, serye 2020.

Mas kilala sa tawag na 'Road Clearing Ordinance of the City of Imus', iniisa-isa ng mga konsehal sa maayos na gabay ni Vice Mayor Homer 'Saki' Saquilayan ang mga probisyon ng ordinansa upang mapabuti ang paglilinis, pag-aalis ng mga harang, sagabal at mga ilegal na konstruksiyon sa mga kalsada ng siyudad.

Sa 14 na sesyon ng SP, tinalakay rin ng konseho sa unang pagbasa ang paglilipat sa klasipikasyon ng 20,802 sqm lote sa Brgy. Malagasang I-G sa siyudad.

Posibleng mula sa klasipikasyong General Residential Use at ay uuriing Socialized Housing Zone.

Tinalakay rin sa sesyon ang pag-amyenda sa mga ordinansang kakalinga at magbibigay proteksiyon laban sa p;ag-asbusong pisikal, emosyonal at sekswal sa mga babae at mga bata.



*VICE Mayor Homer 'Saki' Saquilayan: Amyenda sa Ordinansa tinalakay.*

Pinag-usapan din ang mga tuntunin at gabay para sa implementasyon ng mga karapatang pantao ng mga mamamayan.

Pinag-usapan din ng Committee on Finance, Budget and Appropriations ang kahilingan ni Jail Inspector Clariza Ebora ng Imus City Jail Female Dormitory na mabigyan ng dagdag-pondo at tulong pinansiyal para sa medical laboratory testing ng mga outpatient indigent o abandoned persons deprived of liberty (PDL) sa piitan ng lungsod.

# PBMM SIGNS SIM CARD REGISTRATION ACT

by Reden C. Lumabi

"Ang batas na ito ay tiyak na makatutulong sa pamahalaan upang paigtingin ang mga hakbangin laban sa mga scam at krimen na ginagawa sa pamamagitan ng text at online na mensahe."

Writing in Filipino, Marcos also known for his monicker PBBM said that the SCRA will ensure the personal information of every citizen.

"Masisiguro rin ng batas na ito ang seguridad ng personal na impormasyon ng bawat mamamayan," PBBM said.

The new law requires all public telecommunications organizations (PTE) or direct sellers all SIM card user to produce a valid identification document with a photo.

Unless the subscriber gives permission for access to his information, all information entered in SIM card registration will be kept as confidential.

In addition, the law requires telco companies to provide the full name and address listed on a SIM card registration upon receipt of a valid subpoena or court order.

The information on the SIM card holder may be requested in writing from telco companies by law enforcement agencies investigating alleged crimes committed using phones.

PBBM said that the new law will greatly strengthen government efforts to combat text and internet message scams, which have victimized many citizens.

House version of the law (HB No.14) was sponsored by Speaker Martin Romualdez and Ilocos Norte Representative Ferdinand Alexander 'Sandro' Marcos 3rd and Tingog partylist Reps Yedda Marie Romualdez and Jude Acidre.

HB No. 14 was consolidated with Senate Bill No. 1310 sponsored by Senators Juan Miguel Zubiri, Grace Poe, Win Gatchalian, Joel Villanueva, Ronald Dela Rosa, Joseph Victor Ejercito, Jinggoy Ejercito, Cynthia Villar, Nancy Binay, Christopher Lawrence Go, Francis Tolentino, Imee Marcos, Ramon Bong Revilla, Jr., and Pia Cayetano.

In a related development, Information and Communications Sec. Ivan Uy that Filipinos can use passports or driver's licenses when they register their SIM cards due to the backlog or delay in the distribution of the national ID.

Uy explained that other IDs are definitely insecure that is why he chose passports and driver's licenses as alternative to the national ID in registering SIM cards.

# Batangas Gov. Dodo Mandanas: Asia's Most Outstanding Leader

BATANGAS Governor Dodo Mandanas was honored as "Asia's Most Outstanding Leader in Public Service and Good Governance" during the Asia's Pinnacle Awards held on Sunday, October 9 in Okada Manila.



Mandanas was also the main speaker at the event.

In his speech, Mandanas called on local officials to be courageous, compassionate, and committed to excellence in serving the people.

"Let us all continue to express our courage, compassion, commitment to excellence in good governance, in socio-economic development, and excellence in the performance of our role as leaders, as stewards, and as servants of the people," he said.

# Maligayang Pagtanda (Pa) Nating Lahat

**OZAM, HERE & THERE**

by ELI TAPARAN II



DAMING bad and good news ngayong Oktubre 2022 as I turned 76 years old last Friday, October 07.

Happy birthday to me!

A good friend, Percy Lapid, better known as Percival Mabasa was gunned down Monday evening, Oct. 03 at the gate of his residence in Las Pinas City: hindi ko muna pupuntusan ang pagpatay sa kanya, since the investigation is ongoing at may suspek na raw.

Paalam, 'Tol Percy: Rest in Peace at nawa, makamit mo at ng iyong pamilya ang hustisya.

Ilan pang dating kapatid sa jaryo at brodkas ng nakaraang taon at ngayong taon ang tahimik na lumisan, paalam mga katropa.

Hindi makikialam, lalong hindi gagamitin ang impluwensiya niya, sabi ni kabayang Justice Sec. Boying Remulla sa kaso ng anak niyang nadakip sa isang anti-drug operation. (see full story elsewhere in this issue.)

Tama si Sec. Boying maedad na ang anak at dapat nitong harapin ang kaso na tulad ng isang matinong tao.

Hinahangaan natin si Sec. Boying at Cavite Gov. JonVic Remulla sa kanilang pahayag na hahayaan ang proseso ng batas ang umusig sa kaso ng pamangkin na labis na nagbibigay ng pighati sa kanilang 87-anyos na ina.

@@@

I thanked our Dear Almight Father in Heaven for this gift of long life and I can say, I am relatively health and still "bright" like a 50-year old guy (naks, yabang ko, huh!} and continues to produce news, columns and literary pieces on my old HP laptop computer.

I continue to serve as Editorial Consultant to a number of Cavite weekly papersr and an "attorney-out-of-law" to some colleagues who were lucky to be charged with libel suits and other complaints, all of them were dismissed.

If ask by a friend or two to compose legal briefs and motions to judges, okay naman at nakapapasa, kaya ang tawag sa akin ay 'Atorni Ozam" as in 'awesome.'

Last July 12, 2021, I underwent a protate surgery at the Burnaby General Hospital here in British Columbia, Canada and fast recovering from cancer, according to Dr. David Telio, Dr. John Warner, Dr. Gerardo Carpenito and my family physician, Dr. Ali Ghahari.

Sarap ng Permanent Resident Card holder dito sa Canada, kasi Free lahat ang medical services ko, at pati mga gamot, at angi Zoladex hormone injection ko every three months ( worth P45K per tusok) ay libre rin.

Isang taon na kailangang tusukin ako ng Zoladex, at uminom ng maraming gamot kontra HB, uric acid at nitong nakaraang mahigit na walong taon na pagbabalik ko rito ay napagaling ang sakit kong- leukemia, baradong ugat sa puso; okey ang ginawang sa akingt lens , eye laser surgery.

Kung sa Pilipinas ako nagpapagamot ngayon, kulang ang P2-milyon sa gamutang ginagawa sa akin.

Ups, Filipino citizen pa po ako, at hindi (pa) Canadian citizenkaya

Sundan sa p.7

# ATTENTION PAPI MEMBERS



*At the center, PAPI president Nelson Santos, at his left, Miss Rebecca Velasquez, PAPI executive vice president, and partner DOST Undersecretary Engr. Sancho Mabborang who expressed full partnership with the upcoming association's 26th National Press Congress.*

We received a letter dated October 8, 2022 from Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI) President Sir. Nelson Santos. --Editor

Narito ang kabuuan ng sulat:

"Dear Colleague,

"The Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI) will hold its 26th National Press Congress on December 6-8 this year at the Pearlmont Hotel in Cagayan de Oro City.

"This year's event will be in cooperation and coordination with the Department of Science and Technology (DOST) Region X Office, the Misamis Oriental provincial government and the CDO city government, and in partnership with the Philippine Press Institute (PPI), Federation of Provincial Press Club of the Philippines, Inc (FPPCPI) Philippine Online Broadcasters Association (POBA) and the Kapisanan ng Mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

"The annual PAPI event is mandated under Presidential Proclamation No. 1187, declaring December every year as the Month of the Community Press in the Service of the Nation. The issuance which also designates PAPI as the lead agency for the annual observance likewise enjoins and urges all other agencies to lend their earnest support to its related activities.

"The usual participants

Sundan sa p.7

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1.
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
Phone: 09274890759 / 09289406369
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com

Publisher: HENRY E. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Executive Editor: DOMZ B. CAOILE
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Circulation Manager: LIZA FE BONETE
Contributing Editors: RUEL B. FRANCISCO,
NOLI LIWANAG, BIG 'BOY' JAVINES
Writers: LUKAS DA SILVA, GENE T. TAN
ED G. CUENCA, RICKY 'TISOY' CARVAJAL
Art & Production Manager: ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.
Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

CONGRATULATIONS!

I found the name of your publication very intriguing: BantayBalita. Your title is a attention grabber. We at the Sanggunian Panlungsod ng General Trias City appreciate your willingness to help us in spreading information to our people the programs and projects of our beloved city government under the able leadership of our Honorable Mayor Jonjon Ferrer and 6th District Congressman Ony Ferrer.

We hope that in the next few months, the succeeding issues of BantayBalita will make big waves in our local media industry and in our community.

Mabuhay!



(Sgd.) Jonas Glyn Porto Labuguen
Vice Mayor, General Trias City

# ST GILBERT MYRA ACADEME, INC. CELEBRATES 7TH FOUNDATION DAY

by DOMZ B. CAOILE, GENE T. TAN

EVERY foundation day of St. Gilbert Myra Academe, Inc. (SGMAI) is significant not only because of the number of years it has served the community but especially to commemorate the school's considerable benefit in the pursuit of world class education.

The SGMAI first opened its doors to the public in 2016 and each year it has been true to its mission to develop the learners beyond intellectual and academic concerns.

In her inspiring short message, SGMAI President Miss Myra Miraflor said that the academe is proud that it has produced students who are God-fearing, responsible. well-rounded, happy and fulfilled persons.


"I believed the SGMAI, together with the help of our faculty and the parents have served well the vision of this instition an effective vessel by using a creative learning curriculum," said President Myra.

In his congratulatory greetings, SGMAI Chief Operations Officer, Sir Gilbert Magnin expressed his joy, saying that in the seven years since its foundation day, the SGMAI have succeeded in enchancing the potentials of all its learners and helped them prepare for the future global challenges.

The academy has its DayCare Playschool for one-two year old; Junior Casa for three-year old, Senior Casa for four-year-old and Advanced Casa for five-year old kids.

It has also a Lower Elementary for six-eight year old, Higher Elementary (nine-eleven year old), Junior High School (twelve-fifteen year old kids).

The SGMAI is a very child-friendly environment, with a family direction and all its workers are protected and members of the Social Security System (SSS), PhilHealth and religiously complied with all the laws on labor and


MR. GILBERT MAGNIN
COO


Ms. MYRA MIRAFLOR
OWNER/PRESIDENT

accredited by the Department of Education (DepEd) since its foundation.

In 2019, the SGMAI was granted recognition and permission by the DepEd to teach its own curriculum for the grades B.K. to G6 and Grades 7 to 11 and since then, has renewed its accreditation every year.

Yearly, the academe has calibrated its teaching and non-teaching staff through continuous training and seminars.

Ms Myra Miraflor and the school management has its own benchmarking system gathered and selected from the Best Educational System of the world, together with the Montessori Approach K to 12 Education System.

Of late, the academe is trying to adopt the Singapore, Fen Lands way of teaching and for this, Ms Myra, said: "We are making sure that our learners receive the best education our learners deserve."

The faculty is composed of competent well-trained Early Childhood Education as SPED educators for Preschool, Grade School and Junior High School, led by a Doctor of Education, Major in Administration and Supervision with 56 years in the field of education and the Dean and Program Directr of E.C.E. and SPED specialization course.

What is amazing is SGMAI offers affordable fees, giving value more to quality Christian education.

Rooms are well-ventilated with an air-condition and well-lighted friendly classrooms.

It has an outdoor play area and half basketball court; and has a well-equipped children's clinic and a well-stocked library with an array of interesting books and other learning materials.

It also has a laboratory, a music room, computer room and a home economics room.

This year, SGMAI adopted a very festive mood during its commemoration of the 7th Foundation Day at its main building in Bella Vista Barangay Santiago, General Trias City, Cavite.

"We had a lot of fun. Tuwang-tuwa ang mga bata, nag-participate sila sa games, coloring book contest among beginners, cooking competition sa mga high school students and other fun-filled activities," said Principal Ana Matre.

The Holy Mass is an integral part of the School Foundation Day initiated by school administrator Ms. Agrifina Miraflor.

On the part of the parents, the fun-filled contests and field competitions were one rare chances they saw their children performed well in sportsman-like spirit and fellowship.

"Napakasaya,... kahit paano, nagkasama-sama kami lahat na nagkakasiyahan, kasama ang school management, at ang mga students who performed enthusiatically with the guidance of their teachers and advisers," a parent told BantayBalita in a chance interview with this paper during the celebration.

"The fun-filled contests, games we witnessed during the two-day event had showcased the learned discipline, teamwork the student were taught, aside from academics. Maraming salamat po sa ating parents at mga estudyante na nag-participate sa ating events," Administrator Ms. Agrifina Miraflor told BantayBalita.

Sir Gilbert Magnin said, this year's foundation day celebration was a very much awaited event.

" By far, this year's celebration was grandest unlike the last two years when all activities were restricted due to the health protocols imposed by the government because of the ill-effects of the pandemic Covid-19," said Sir Magnin.

"We thanked all for this 7th Foundation Day has encouraged family bonding and togetherness. Maraming-maraming salamat po sa ating Faculty, the management and the parents and students as well for this foundation day was a significant occasion," Ms. Myra Miraflor said.


She added: " The commemoration is a reminder to all us about the humble beginnings of this educational institution. Now all can better appreciate the improvements we have worked hard, of course, with the help of our school authorities, parents, and students."

This 7th Year of SGMAI founding celebration is an opportune time to reflect on the legacy of the school that has supported all its alumni, the older and graduating students of this wonderful learning institution.

Happy 7th Foundation Day.

For any information, visit the SGMAI Facebook account while the management can be reach via landline phone no. (046) 404-0467 and mobile phone no. 0927-362-1096.






















# SM City Tanza: SM Prime's Newest Mall sa Cavite

ni Eli Taparan II




*Sa larawan: Tanza Mayor Yuri Pacumio (ika-4 mula sa kaliwa), Tanza Vice Mayor Archangelo Matro (ika-3 mula sa kanan), 7th Cavite District Borad Member Crispin Remulla (ika-3, kaliwa), at Reverend Bishop Evangelista ng Arkodiosese ng Imus.*

*Kasama rin si SM Markets Chairman Herbet Sy (kanan), SM Engineering Design and Developmeng Corp. President Hans 'Chico' Sy Jr. (kaliwa), SM Prime Holdings President Jeffrey Sy (ikalawa, kanan), at SM Supermalls President Steven Tan (ika-2, kaliwa).*

BINUKSAN na sa publiko nitong Biyernes, Okt. 14 ang SM City Tanza, ang ika-pitong SM Supermall sa Cavite na may lawak na 60,000 metro kuwarado na isa na namang bagong 'plaza ng bayan' na maginhawang makapamimili, makapapapasyal at kumain sa malilinis at magandan restoran at mapakanonood ng magagandang pelikula ang maraming Caviteno.

Ayon kay SM Prime President Jeffrey C. Lim, ang pagbubukas ng SM City Tanza ay simula ng isa pang magandang samahan ng SM Prime at ng lalawigan ng Cavite, lalo na ang munisipalidad ng Tanza.

"... this marks another milestone and partnership between SM Prime and the Province of Cavite, specifically with the Municipality of Tanza. It is our aim to offer shopping convenience and fun entertainment to the communities around the area as well as visitors of Cavite and other neighboring destinations in the region," sabi ni Lim.

Nakatayo ang mall sa kahabaan ng Gov. Antero Soriano Highway, Barangay Daang Amaya II, Tanza na tumatanggap na ng mga customer ang The SM Store, SM Supermarket, Ace Hardware, SM Appliance Center, Watsons, Pet Express, Miniso, Uniqlo, Crocs, Surplus at BDO.


Mayroon itong limang sinehan, isang Cyberzone para sa mga tech savvies, isang malawakna Food Court, isang carpark na may 800 paradahan ng mga sasakyan.

Magkakaroon rin ito ng isang public transport terminals para sa mga dadayong mula sa iba-ibang lalawigan sa Cavite.

Umaasa si Lim na magbibigay ng maraming oportunidad sa trabaho at iba pang uri ng hanapbuhay sa maraming Caviteno ang pagkatayo ng SM City Tanza.

Itinayo ang SM City Tanza bunga ng tagumpay sa buhay at kabuhayan na ibinibigay ng SM City Bacoor, SM City Dasmarinas, SM City Molino, SM City Rosario, SM City Trece Martires, at ng SM Center Imus sa maraming mamamayang Filipino.

Para sa iba pang impormasyon, kumontak kay Mr. Alexander Pomento, Vice President, Investor Relations SM Prime Holdings, Inc. o sa email: alex.pomento@smprime.com at sa telepone no.: +632 8862 7940.



# SA TOTOO LANG

by GENE T. TAN



## DSWD, PAO, CHR HAHABULIN, BASTARDONG AMA!

BIKTIMA ba kayo ng inyong asawa o nang-iwang live-in partner na may hanapbuhay naman, may sapat na kakayahan pero ayaw magsustento sa kanilang (mga) anak?

Ayon kay DSWD Sec. Erwin Tuldo may memorandum of understanding na sila ni Public Attorney's Office chief Persida R Acosta para matulungan ang mga ina at mga anak na inabandona ng kanilang "bastardong ama."

Sinabi ni PAO chief Acosta, may mga abogado na siyang ini-assign para tumulong sa mga nais maghain ng reklamo laban sa mga ama na pabaya na, ay nambubugbog pa at nananakit sa kanilang anak.



*Mga bastardong ama, lagot kayo kay PAO chief, Atty. Persida Acosta*

Katuwang nila sa kampanyang ito ang Commission on Human Rights para usigin ang mga paglabag sa Family Code of the Philippines o sa violation of Republic Act 9262 (Anti-Violence Against Women and Their Children) at ng Children Act of 2004.

"Pinaaalalahanan lang natin iyong mga bastardong ama na pwede natin silang kasuhan at hindi lang po sa Central Office, pati po sa Regional Office," sabi ni Sec. Tulfo.

Salamat po, Sir Welfare Sec. Erwin at Atty. Acosta: mabuhay po kayo.

BAGO pa maupo ang Dualan brothers, tumatakbo na ang Pabahay program, job and livelihoodopportunities, maayos na medical service program, lalo na kontra Covid-19 --- na inumpisahan ni Mayor Junio Dualan (ngayon ay vice mayor anf presiding officer of the Sangguniang Bayan) at na tuloy-tuloy na ginagawa ng new administration ni Mayor Raffy Dualan.

Maraming problema ang inihahanap ngayon ng solusyon ng Dualan Brothers kasama ang mga konsehales ng Sanggunian, at nakalulungkot, bago ang 100 days ng kanilang panunungkulan, ang dami nang sinasabi ng mga kritiko.

Pero hindi na iyon iniintindi ng team Aksiyon at Disiplina, at sinisikap nila na mabigyan ng episyente at maayos na pamamahala ang lahat ng residente ng Naic.

Maging ang first world countries tulad ng US, England at iba pang bansa sa Europe, at sa Asiya, nagdaranas ng economic and political crisis.




*Working hard for Naic's progress and rapid development: 4th from left. Mayor Raffy Dualan besides Vice Mayor Junio Dualan and members of the Sangguniang Bayan. Mabuhay po kayo!*

This is not the time of blaming but the time of cooperation and unity, kasi sabi nga, ang tagumpay ng Marcos administration at ng ating LGUs ay tagumpay ng bawat pamilyang Filipino.

But we are not saying that we abhor criticism; kailangan natin 'yan pero yun pong constructive criticism, na ang layunin ay pumuna para sa kabutihan ng lahat at magbigay ng suggestion para sa maituwid ang sa palagay ay mali.

Your comments ay iparating sa amin, magmensahe sa sarfia926@gmail.com at handa kaming maglingkod sa inyo.

Mabuhay tayong lahat!

# MALIGAYANG PAGTANDA (PA)

*Mula sa p.3*

mali na tawagin akong 'porenger' at sabihan na 'wag makialam sa buhay at politikang Pinoy.

I have been a journalist for over 50 years: naging editor-chief ng aming college paper 'The Quezonian' ng MLQU 1970-1972; naloko ni Joma Sison nang mag-UG pero nagising sa katotohanang kabaliwan ang ideolohiyang komunismo;naging reporter, editor ng marami-rami ring magazine at daily tabloids; suwerteng naging public information officer ng dalawang makisig na gobernador natin -- Gov. Johnny Remulla, 1979-1981; Gov. Ayong Maliksi, 2000-2003; 2005-2007.

Naging "tagasulsol" din ako ni dating Rizal Gov. Dr. Rey San Juan; dating Paranaque City Mayor Pablo Olivarez, Joey 'Tsong' Marquez, dating P'que Vice Mayor Anjo Yllana at ng ilang artista, kabilang ang yumaong si Rudy 'Daboy' Fernandez at iba pa.

Congratz sa anak-anak kong dating Cavite Vice Gov.i Jose Lorenzo Bautista Revilla II na nagyon ay Cavite First District congressman; much thanks Jolo sa pagtitiyaga mo sa akin bilang iyong "tagasulsol sa media" na gratis et amore.

Belated 'Happy Birthday' sa aking boss, katropa, kumpare dating Imus City Mayor Emmanuel L. Maliksi na kinusumi ko nang ako ay kanyang city public information sa loob ng mahigit na 7 taon.

Mga dating kaaway na politiko, huwes, piskal, pulis, negosyante, sila ngayon ay pawang kaibigan ko na.

Nagtamo na rin tayo ng ilang karangalan sa malikhaing pagsusulat at ilang ulit ding nabigyang pagkakataon na maging "lecturer" sa highschool at kolehiyo.

Mahigit ding 30 libel suits at iba pang kaso ang naipanalo sa piskalya kaya masuwerteng hanggang ngayon e alive na alive pa, kaya maraming salamat po, Father God sa inyong kaloob na buhay at lakas at matinong isip sa kabila ng aking maraming kasalanan at kabalbalan.

To me journalism is not only a calling but a sweet-bitter journey through life.

Belated happy birthday sa magaling na CEO ng GCTeknik Armoring at iba pang kompanya, Geroge 'Jojit' Cabarloc Jr. (Oct. 03); former Imus CIO chief Jay Saquilayan (Oct. 4) at happy birthday in advance sa aming granddame of Cavite media, former NPC director Ms. Adela R. Zamora (Oct. 29).

Happy 100 days ng mahusay na pamamahala sa Imus City ng aming brand new Mayor Alex ' AA' Advincula. (see elsewhere ang balita sa isyung ito tungkol sa kanyang akomplisment sa aming siyudad).

Sa lahat ng politiko, negosyante, mga kaibigan, kaanak at mgakatropa sa media, maraming salamat po, mula rito sa aking munting kuweba sa Vancouver, BC. Canada.

Para sa inyong komento, mag-send lang sa taparaneliseo@gmail.com at sa lukasdasilva990@gmail.com.

Maligayang pagtanda(pa) sa ating lahat!

Babu, GOD bless us all.

# ATTENTION PAPI MEMBERS

*Mula sa p.3*

in it are our Regular Members most of whom are community newspaper publishers, and our Associate Members that include media executives, editors, broadcasters, reporters, and campus journalists from throughout the country.

"Given our current circumstances, we expect at least 150 of our members to attend the event, which will be bannered by the theme 'Collaborative media groups' support to Government towards Enhanced National Food Security, Economic Recovery, and SocioEconomic Welfare.'

"The registration fee for the event is only P3,000 per person, inclusive of all meals and accommodations at the Pearlmont Hotel and meals from December 6 to 8 at the venue (2 lunches, 2 dinners, 2 breakfasts, and 1 morning and 1-afternoon snack). The fee is admittedly a bargain but exclusive of transport costs and other personal expenses.

The details of our 26th National Press Congress program will follow shortly.

This advanced communication is meant to guide you in planning your transport and travel arrangements. For inquiries, you may call or text 09261021016, 09178498730, or email phpublisher74@gmail.com

"We eagerly look forward to our usual annual reunion and fellowship. Thank you."

# Munting Alay sa mga Guro

ni May Anne Joy D. Romanes

GURO ang pundasyon ng Kagawaran ng Edukasyon. Pundasyon—dahil kung wala ang guro, walang magtuturo sa mga bata. Totoo naman na hindi lamang guro ang pagmumulan ng kaalaman. Pwede naman matuto ang mga bata ng kanilang aralin mula sa kanilang magulang, sa internet, o kaya mula sa mga makabagong kagamitan.

Ganunpaman, iba pa rin kapag ang guro ang nagturo at nagpaliwanag. Iba ang galing ng guro. Syempre, panahon, karanasan, at walang humpay na pag-aaral ang ilan lamang sa mga puhunan ng guro. Kung minsan nga, pati sariling pera ay napapasama sa puhunan para lang mas mapatuto ang kanilang mga mag-aaral.

Nakalulungkot na sa kabila ng buong husay na pagtupad ng mga guro sa kanilang katungkulan, minamaliit pa sila kung minsan. Tila nalilimutan ng ilan na bago naging guro ang isang guro, siya ay isa munang tao. Tao—na hindi perpekto. Tao—na nagmimithing mapatuto ang kanilang mga mag-aaral. Tao—na marunong ding mapagod. Tao—na nakararanas din ng problema.

Bilang tao, ang mga guro ay kailangan din ang suporta, pagmamahal, at pagpapahalaga. Hindi naman kabawasan ang batiin ng. "Magandang umaga"' o, "Magandang hapon" ang guro. Kung makita ang guro na maraming dala at kaya namang tulungan, hindi naman siguro para ikapagod pa ang pagbibitbit ng ilan niyang dala.

Kung magulo ang silid-aralan, madali lang naman ayusin ito lalo kung tulong-tulong ang mga mag-aaral o kahit pa ng mga magulang. Kakaunting suyo lamang ito para sa maghapong pag-iisip ng guro kung paano mas mapaparunong ang kanyang mga mag-aaral. Maaring sa kakaunting pagpapasaya natin sa ating guro, mas marami pang mag-aaral ang makikinabang sa kanilang angking galing at talino.

Ang mga guro ay biyaya ng Panginoon. Hindi man perpekto, ang mga guro ang mga napili upang magtanim ng binhi hindi lamang ng kaalaman, kundi kabutihan sa mga puso ng mga mag-aaral. Dahil dito, tulad ng mga biyayang natatanggap natin sa araw-araw, dapat natin silang ipagpasalamat at ingatan upang marami pang lalong mabiyayaan.

Ang guro ang tunay na pag-asa ng bayan. Sila ang pag-asa ng kabataang naghahangad ng malalim na kaalaman. Sila ang pundasyon ng Kagawaran. Sila ang biyaya ng Panginoon sa bawat bansa.

Maligayang pagdiriwang sa pinakadakilang propesyon—ang pagiging guro!


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 2 10.00 OCTOBER 10 - 16, 2022

# CONGRATULATIONS PO, MAYOR AA! -- IMUSENOS

ni Henry E. Caoile

BILANG patotoo sa islogan na #Ang Pagbabago #AAngatAng Imus # Alagang Advincula, masayang iniulat ni Imus City Mayor Alex 'AA' Advincula ng maraming aksyon at proyektong ginawa niya sa unang 100 araw niya sa tungkulin.




Sa kanyang Facebook post, Sabado, Oktubre 8, 2:00 AM ay ipinoste ni Mayor AA ito:

"Sa unang 100 araw ng ating panunungkulan, nakapagtalaga po tayo ng 37 executive orders, nakipagpulong sa 60 business groups para sa posibleng investments sa ating lungsod, at naglaan ng pondo para sa 29 priority projects para sa ating mga kababayan.

Kasunod nito ang hashtag: #AngPagbabago #AAngatAngImus #AlagangAdvincula na tumanggap ng mahigit sa 700 comments.

Pinakamarami ang nagmensahe ng "Good job po, Mayor ... more power po"; "God bless you in all your endeavors," at iba pang papuri at paghanga sa anila ay mahusay, lantad, bukas-sa-tao na pamamahala sa city hall.

May mga nagpahatid ng pakiusap at problema, tulad ni Gallogo Tagacana, aniya: "Salamt mayor pasunod mo na rin po ung daloy ng maynilad dito sa ating lungsod lalo na sa malagasang grabi po hirap npo kami always madaling araw lang ang bukas ng tubig pano nmn po ung mga umaga ang pasok etc sana po maaksyonan."

Ito rin ang sinabi ni Nazaria Aclan: "Congrats po mayor sana po isunod nio n po ang malaking problema s mayniladnpkhirap po ng walang tubig ngbbyad nman po ng maayos,sna po s lalong mdaling pnhon maaksyunan nio npo ang.problema s maynilad araw araw po n walang tubig s 3len 2 bayan luma.salamat po!god bless."

"Congratulations po Mayor Alex Advincula Pag palain po kau ng Panginoong Hesukristo ng Magandang Kalusugan pra magampanan po ninyo ng maayos ang pagbabago sa bayan ng IMUS Maraming Salamat po Mayor AA," sabi ni Jemma Dominguez

Sabi ni Nheng Rosello:"Thank you po mayor god bless ang thank you lord for having you as our mayor in imus."

"100% ang grade m mayor AA congrats pre." sabi ni Leo Santiago Mendoza

Suporta ni Gilda Sasis:"Congratulations Mayor Alex 'AA' Advincula! Our gratitude for your services to Caviteños and particularly now your fellow Imuseños. May God bless you more wisdom, good health and success in all your visions of progress. Kudos Mayor!!

Sabi pa ni Orlando M Tabotabo:"God bless you and your family Mayor Alex, your service is overwhelming...it creats sound not only in Imus but throughout the Province...take care, Philippians 1: 1-6."

Iba pang bumati sina Francis Maala, Yen E. Melo na sana ay pansinin ang "malalang problema sa #Maynilad. Since 2015 po until now hindi pa rin dumadaloy ang ginhawa, puro perwisyo."; Martin G Real na inireklamo ang masamang serbisyo ng Maynilad sa Malagasang 2nd na " walang tubig sa gabi."

Sana raw ay "More for Seniors benefits Mayor Advincula ☐ llo po sana s pneumonia n flu vaccines thx po in advance , God bless po Mayor!", sabi ni Maria Sarah

Umaasa naman na aaksyonan ni Mayor AA ang matinding pagbaha sa Medicion 2F at maayos ang baradong ilog at bangbang, sabi ni Baby Octavo Barias.

Pinakamarami sa humiling sa aksyong mabilis ng Team AA ay pwersiwyong serbisyo ng Maynilad.

Mahirap mamaho, sabi ni JT Gots.

Iba pang bumati ay sina Nonie Ramos, Flor Ramos, Nick Homeres, Madonzky Fernandez, Nilda Pacifico, Evie Ramos Pallera, Analiza Annie Sanez Hayag, Jerry Patton, Materesa Guintu, Amy Zepeda Dela Cruz. Edwin Delos Reyes; Cecilia Ortega, at sabi ni Cirilo Polo, sana ay aksiyonan ang walang kwentang serbisyo ng Maynilad na nangyayari, dekada na sa buong Imus, aniya," daloy lang ng tubig madaling araw lang.. after 7am or 8am wala n..mag start ng daloy ng tubig 4am..."

Congrats, at mainit na pagbati rin mula kina Lela Lelis, Roberto Ceasar Ramos ("Pareng Alex the best ka talaga na naging mayor ng Imus.congrats and God bless Po.:); Rose Marie De Vera, Alona Nasayao, Boboy Evangelista, Marjo Abantao Pata, Editha Morbos, Vilma Lacumb, Marcos Advincula Mostajo, Mark Darryl P. Villanueva. Raquel Empeynado Bello, Robmar Badong Topacio, Lina Castillo, Ruby Samot, Noel Galicia, at marami pang Imusenong nagrereklamo pa rin sa perwisyong dala ng Maynilad.

Pabiro ang komento ni Kassy Rose Macenda na sinabi: "Thank you Mayor AA, congrats po. Napakalaki po ng expectation ko sa administration nyo, nasaksihan ko po panunungkulan nyo pero parang ang mga programa pong inilunsad nyo ay pra lang sa mga taga kusina....yon malapit lang ang natatalsikan ng mantika. Sana kami naman Mayor."

Hiniling naman ni Teody Enriquez na "..., bka po pwede malagyan ng over pass dito sa tapat ng dlawang school, anabu 2a elementary school at southern Philippines po. Pra kaligtasan ng mga mag-aaral po."

Financial assistance naman ang hinihingi ni Rodolfo Arevada na ooperahan sa puso sa Heart Center sa Quezon City.

Pakiusap ni Roberto de Leon, sana ay mabigyan ng trabaho ang PWDs at Senior Citizens na" healthy pa at may kakayahan pa pong mag-work."

Pinansin ni Mary Ann Penalba ang mga presyo ng bilihin sa Imus Market, aniya: "Angg mahal po ng mga bilihin.. hindi makatarungan."

Birada ni Mil Bel, sana ay ayusin ng alkalde ang pasahod na na hindi makakayangpagkasyahin ng isang karaniwang pamilya sa araw-araw.

Sabi sa maraming comments ng FB page ay sinabi:"Most Relevant is selected, so some comments may have been filtered out."/with Eli Taparan II



# Deployment of computer sets to local government units of Cavite

The Provincial Persons with Disability Affairs Office headed by Ms. Marie Shiela Haloc in partnership with the National Council of Disability Affairs (NCDA) carried a ceremonial turnover program of complete sets of computer to some local government units of the province on October 13, 2022 at Cavite Collaboration Center for Public Health, Trece Martires City.

Local government units of Alfonso, Amadeo, Dasmariñas City, General Trias City, General Mariano Alvarez, Kawit, Magallanes, Silang, Tanza, and Trece Martires City received the computer sets which are intended to use for the real-time encoding of PWD data in the Department of Health – Philippine Registry with Disabilities (PRPWD) system.

Through the PRPWD database, all PWDs in the province would be identified and verified quickly and could apply for the privileges and incentives from the government.

Before the conclusion of the program, Cavite products and goods were given to NCDA as token of appreciation.

Present during the program were Mr. Joniro Fradejas, Executive Director of NCDA and Hon. Romel Enriquez, 1st District Board Member and Chairperson on Social Services, Family, Women, Children and Elderly.